


# Magbasa tayo!

## Maliliit na Maya

Limang maliliit na maya

Nakadapo sa sanga




Isa ay lumipad

Ilan ang natira?

Apat na maliliit na maya

Nakadapo sa sanga




Isa ay nagpaalam

Ilan ang natira?

Tatlong maliliit na maya

Nakadapo sa sanga



Isa ay tumalon

Ilan ang natira?

Dalawang maliliit na maya


Nakadapo sa sanga



Isa ay umuwi

Ilan ang natira?


Isang maliit na maya




Walang kasama sa sanga

# Magbilang tayo!


Bilangin ang mga maya sa sanga.  
Isulat ang bilang sa kahon.




_____
-----
_____




_____
-----
_____



_____
-----
_____



_____
-----
_____



_____
-----
_____